ANG SALITA NG DIYOS

MGA PAGSUSULIT

Pangalan _____

Tirahan _____

Lunsod _____Bayan_____Zip Code_____

Probinsya _____

Grado _____

———————————TupiinSa GuhitNa Ito———————————

Selyo

Educational Courses
P.O. Box 0623
Cagayan de Oro 9000
Mindanao, Philippines

(Tagalog: John Exam)

VMGA PANUTO

Iminumungkahi namin ang mga sumusunod na paraan upang matamo ang pinakamalaking kapakinabangan mula sa mga kursong ito:

1. Hilingin sa Diyos na tulungan ka bago ka magsimula.
2. Basahing mabuti ang mga panutong ibinibigay sa pasimula ng bawat aralin.
3. Sagutin ang mga pagsusulit mula sa mga isinaulong aralin at isulat ang mga sagot sa pamamagitan ng lapis.
4. Repasuhin ang mga sagot at ihambing ang mga ito sa aralin at sa bersikulo mula sa Biblia. Kung kinakailangan, palitan ang mga sagot.
5. Kapag natapos mo na ang mga tanong, ingatang tanggalin sa buklet ang mga bahaging naglalaman ng mga passusulit at ipadala sa direksyong nakasulat sa ibaba. PAUNAWA: Ang mga pagsusulit lamang ang ipadala.

Susuriin namin kung may tama o mali sa mga sagot mo sa mga pagsusulit at ibabalik namin ang mga ito sa iyo kaagad. Ipapadala namin ang susunod na kurso sa program kasama ng isang kopya ng Bagong Tipan. Kung makakuha ka ng kahit na mga 70% sa kurso, maari mong ipagpatuloy ang pag-aaral ng mga ibang kursong kasunod.

Pagsusulit 1

NANG DUMATING ANG DIYOS SA SANLIBUTAN

Sampu ang mga pangungusap sa pagsusulit na ito. Ang ilan sa mga ito ay nagsasaad ng mali. Pagkatapos mong basahin ang Juan, kapitulo 1, bersikulo 1-18, at ang aralin, basahin mo ang pangungusap. Kung ang pangungusap ay umaayon sa Ebanghelyo ni Juan. at sa aralin, ilagay ang Tama o T sa puwang na kasunod. Kung ang pangungusap ay hindi tama, ilagay ang Mali o M sa puwang na inilaan.

0. Si Cristo ay ang Anak ng Diyos _____

Dapat alam mo na ang pangungusap ay tama. Kaya ilagay mo ang Tama o T sa puwang na inilaan.

0. Si Cristo ay ang Anak ng Diyos. T

Ngayon, basahin mo ang mga 10 pangungusap na ito at ilagay mo ang T o M pagkatapos ng bawat isa.

1. Ibinigay sa atin ni Juan ang kasaysayan ni Cristo, ang Anak ng Diyos. _____
2. Ang Anak ng Diyos ay tinatawag na ang Salita at ang Liwanag. _____
3. Sa pasimula, ang Salita ay ginawa ng Diyos. _____
4. Ipinapakita sa atin ng Anak ng Diyos ang daan tungo sa Diyos. _____
5. Hindi si Juan na Bautista ang liwanag ngunit siya nagpatotoo sa liwanag. _____
6. Kung ang ama ko ay anak ng Diyos, ako rin ay ginagawang anak ng Diyos. _____
7. Nang dumating si Cristo sa sanlibutang ito, Siya ay tinanggap nang malugod ng lahat. _____
8. Isang dakilang propeta si Moises, at ang biyaya at katotohanan ay dumating sa pamamagitan niya. _____
9. Marami ang mga taong nakakita sa Diyos. _____
10. Kung ako ay sumasampalataya kay Cristo, ako ay gagawin anak ng Diyos. _____

Pagsusulit 2

ANG MGA DISIPULO NI CRISTO

1. Si Juan ay nagsabi, “Ako ang Cristo.” _____
2. Si Jesus ay tinawag ni Juan na, “Ang Kordero ng Diyos.” _____
3. Nakita ni Juan ang Espiritu ng Diyos na bumababa sa Panginoong Jesus tulad ng isang kalapati. _____
4. Sina Andres, Simon Pedro, at Natanael ay ginawang mga anak ng Diyos. _____
5. Narinig ni Andres kay Juan ang tungkol sa Panginoong Jesus, at dinala niya si Pedro sa Panginoon. _____
6. Ang unang himala ay isang tanda sa mga disipulo na si Jesus ang Anak ng Diyos. _____
7. Itinaboy ni Jesus ang mga taong gumagawa ng kalakak sa bahay ng Diyos. _____
8. Nalalaman ni Jesus na ibibgay Niya ang Kaniyang buhay at muli Niya itong kukunin. _____
9. Nalalaman ni Jesus kung ano ang nasa loob ng mga tao. _____
10. Kung tatanggapin ng isang tao si Cristo, Siya rin ay tatanggapin ni Cristo. _____

Pagsusulit 3

ISANG MABUTING LALAKI AT ISANG MAKASALANANG BABAE

Sa panahong ito, marami tayong nababasa na sumasalungat sa Salita ng Diyos. Sa mga araling ito, sinisikap naming ibigay ang mga katotohanan alinsunod sa Salita ng Diyos. Gayon pa man ang ilang mga pangungusap ay hindi tama. Sinasadya naming gawin ito. Tungkulin mong wariin kung ano ang tama at kung ano ang mali.

1. Isang napakasamang tao si Nicodemo. _____
2. Nagyayari na ipinapanganak na muli ang isang tao sa sandaling sumasampalataya siya kay Cristo at siya ay tinatanggap Niya. _____
3. Ang mga pinakamasamang tao lamang ang kailangang ipanganak na muli. _____
4. Isinugo ng Diyos ang Kaniyang Anak upang hatulan ang sanlibutan. _____
5. Nais ni Juan na sumunod sa kaniya ang mga tao. _____
6. Ang sinumang sumasampalataya kay Cristo ay tumatanggap ng walang-hanggang buhay. _____
7. Ang babaeng kinauasap ni Cristo sa balon ay isang mabuting babae. _____
8. Upang matamo ang tubig ng buhay, kailangan kong aminin na ako ay isang makasalanan, at lumapit kay Cristo. _____
9. Tinawag ng babae ang mga iba para lumapit kay Cristo. _____
10. Ang ikalawang himala na ginawa ni Cristo ay ang pagpapagaling sa anak ng isang taong maharlika. _____

Pagsusulit 4

TINUTULUNGAN NI CRISTO ANG MGA TAO

1. Maraming kaibigan na tumutulong sa lalaking may karamdaman nang 38 taon. _____
2. Tinulungan ni Cristo ang taong mahina sa pamamagitan ng pagdadala Niya sa kaniya sa isang manggagamot. _____
3. Labis na nasiyahan ang mga Judio dahil sa pinagaling ni Cristo ang lalaki sa araw ng Sabbath. _____
4. Ang taong nakikinig sa Salita at nananampalataya kay Cristo ay may walang-hanggang buhay. _____
5. Ipinagkaloob ng Diyos sa Anak ang kapangyarihan na bumuhay din. _____
6. Ang Diyos at ang Biblia ay nagpapatotoo kay Cristo. _____
7. Maraming tao ang susunod kay Cristo kung sila ay papangakuan Niya ng kayamanan. _____
8. Natakot ang mga disipulo nang makita nilang lumalakad sa tubig si Jesus. _____
9. Si Cristo ang tunay na Tinapay mula sa Langit. _____
10. Marami sa mga disipulo ni Jesus ang hindi tiyak na Siya nga ang Anak ng Diyos na nabubuhay. _____

Pagsusulit 5

ANG TUBIG NG BUHAY AT ANG LIWANAG NG BUHAY

1. Nanampalataya ang mga kapatid ni Cristo mula sa simula. _____
2. Kung ang kalooban ng Diyos ay gagawin ng isang tao, ipapakita sa kaniya ng Diyos ang katotohanan ng mga aral ni Cristo. _____
3. Kung sumasampalataya ako kay Cristo, maipapakita ko sa iba kung sino ang tubig na nabubuhay. _____
4. Ang mga pinuno ay nagsabi, “Wala pang taong nagsalita nakatulad ng taong ito.” _____
5. Sinabi ni Jesus na dapat mamatay ang babaeng makasalan. _____
6. Sinabi Niya sa kaniya na maari siyang magpatuloy sa paggawa ng kasalanan kung nais niya. _____
7. Ipinapakita sa atin ng tunay na Liwanag ang tanging daan tungo sa Diyos. _____
8. Kailangan ko ang kapangyarihan upang tumigil sa paggawa ng kasalanan. _____
9. Ang diyablo ang ama ng lahat ng kasinungalingan. _____
10. Si Abraham ay nabuhay ng ilang daang taon bago si Cristo ngunit sinabi ni Cristo na bago pa si Abraham ay siya na. _____

Pagsusulit 6

ANG TAONG BULAG AT ANG MABUTING PASTOL

1. Kordero ng Diyos at Liwanag ng sanlibutan ang Anak ng Diyos. _____
2. Hinugasan ng tubig ng taong bulag ang luwad sa kaniyang mga mata at siya ay nakakita. _____
3. Pagkatapos ng pagpapagaling sa taong bulag, may mga nagsabi na si Jesus ay isang makasalanan. _____
4. Ang taong isinilang na bulag ay naniwala na si Jesus ang Anak ng Diyos. _____
5. Ang Panginoong Jesus ang Pintuan sa Langit na ipinagkaloob ng Diyos. _____
6. Ibinibigay ng mabuting Pastol and Kaniyang buhay para sa mga tupa. _____
7. Ang tunay na mga tupa ay sumusunod kay Cristo at nakikinig sa Kaniyang tinig. _____
8. Ang mga tupa ay nasusunggaban mula sa mga kamay ng Diyos, sa kamay ng Anak, at sa kamay ng Diyos Ama. _____
9. Sa Ebanghelyo ni Juan, nakikita natin na hindi lahat nanampalataya kay Cristo. _____
10. Kung lumalapit ako kay Cristo, kinikilala ko Siya bilang aking Pastol, ako ay iingatan Niya lagi. _____

Pagsusulit 7

SINA LAZARO AT MARIA

1. Nakatira sa Betania sina Maria, Marta at Lazaro. _____
2. Nagkasakit si Lazaro at namatay siya. _____
3. Nanangis si Jesus sa harapan ng libingan ni Lazaro. _____
4. Tinawag ng Anak ng Diyos si Lazaro mula sa libingan. _____
5. Nabubuhay ng Anak ng Diyos ang mga taong patay mula sa mga kasalanan. _____
6. Sinabi ni Caifas na mas mabuti sa isang tao ang mamatay para sa mga tao. _____
7. Marami sa mga Judiong nakakita sa mga bagay na ginawa ni Cristo ang nanampalataya sa Kaniya. _____
8. Si Jesus ay tinawag na Hari ng Israel ng maraming tao. _____
9. Mula sa Langit ay nagsalita ang Diyos sa Kaniyang Anak. _____
10. Ang taong sumasampalataya kay Cristo ay sumasampalataya sa Diyos Ama. _____

May mga kaibigan ka ba na gusto mong padalhan namin ng kursong ito? Kung mayroon, pakisulat ang mga pangalan at tirahan nila sa ibaba.

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Pagsusulit 8

TINUTURUAN NI JESUS ANG MGA DISIPULO NIYA

1. Si Jesus ay nagbuhat sa Ama at Siya ay bumalik sa Ama. _____
2. Naging ganap na malinis ang mga taong hinugasan ni Cristo. _____
3. Inilagay ni Satanas sa puso ni Judas ang pagkakanulo. _____
4. Alam ni Cristo na ipagkakanulo Siya ni Judas. _____
5. Alam din ni Cristo na itatatuwa Siya ni Pedro. _____
6. Itinuro ni Cristo sa mga disipulo Niya na Siya ay mamamatay at mababuhay na muli. _____
7. Si Jesus lamang ang tanging daan tungo sa Ama. _____
8. Isinugo ng Diyos ang Espiritung Banal upang tulungan tayo. _____
9. Ibinibigay ni Cristo ang Kaniyang kapayapaan sa mga umiibig sa Kaniya. _____
10. Pinapatunayan natin ang ating pag-ibig sa Panginoon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan Niya. _____

Pagsusulit 9

ANG TUNAY NA PUNO NG UBAS

1. Si Cristo ang tunay na Puno at ang mga nananampalataya sa Kaniya ang mga sanga. _____
2. Bawat tao ay lubos na malinis sa kaniyang sarili na humarap si Diyos. _____
3. Nililinis tayo ng Salita ng Diyos. _____
4. Ipinakita ni Cristo ang Kaniyang pag-ibig sa pagkamatay Niya para sa atin. _____
5. Kung ginagawa ko ang mga itinuturo ni Cristo, ako ay kaibigan Niya. _____
6. Pinapatotohanan ng Espiritung Banal si Cristo. _____
7. Ang pagtanggap kay Cristo ay pagtanggap sa Diyos. _____
8. Ipinangako ni Jesus sa mga disipulo na sila ay iibigin ng bawat isa. _____
9. Nanalangin si Cristo para sa mga taong mananampalataya sa Kaniya. _____
10. Dahil sa maraming daan tungo sa Diyos, si Cristo ay isa lamang sa kanila. _____

May naiisip ka pa ba na mga ibang kaibigan? Pakisulat mo ang mga pangalan nila at tirahan sa ibaba at papadalhan namin sila ng kurso.

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Pagsusulit 10

NANANALANGIN SI CRISTO PARA SA KANIYANG MGA DISIPULO

1. Nabasa natin na nananalangin ang Panginoon sa Ama sa kapitulo 17. _____
2. Tanging ang Panginoong Jesu-Cristo lamang ang may kapangyarihan na magbigay ng walang-hanggang buhay. _____
3. Ang walang-hanggang buhay ay dumarating lamang sa pamamagitan ng pagkilala sa tunay na Diyos at kay Jesu-Cristo. _____
4. Dapat gumawa ako nang walang tigil upang makamtan ang pagliligtas ng Diyos. _____
5. Ang mga salita ng Diyos ay ibinigay sa atin ng Salita ng Diyos. _____
6. Mahalaga na ang mga santo at anghel ay mamagitan para sa atin. _____
7. Laging totoo ang Salita ng Diyos. _____
8. Nanalangin si Cristo upang ang sanlibutan ay manampalataya na ang Ama ang nagsugo sa Kaniya. _____
9. Nanalangin si Cristo na ang pag-ibig na ibinigay ng Ama sa Kaniya ay mapasa-mga taong nakakakilala na ang Ama ang nagsugo sa Anak. _____
10. Hindi inibig ng Ama ang Anak dahil sa kung Siya ay inibig Niya, hindi Niya papahintulutan na Siya ay mamatay. _____

Pagsusulit 11

SI CRISTO PATUNGO SA KRUS

1. Nagkatawang-tao ang Anak ng Diyos at namatay Siya para sa ating mga kasalanan. _____
2. Nakipagkasundo ang punong mga saserdote at mga Fariseo kay Judas na ipagkanulo niya si Cristo. _____
3. Nalungkot si Pedro dahil sa hindi siya nakapasok sa lugar kung saan nililitis si Cristo. _____
4. Nagtanong si Pilato, “Ano ang katotohanan?” _____
5. Gustong ipako sa krus ng mga tao si Barabbas sa halip na si Cristo. _____
6. Ang mga masasamang tao ay naglagay ng isang korona ng mga tinik sa ulo ni Cristo bilang pangungutya. _____
7. Ang mga punong saserdote ay nanampalataya na si Cristo any tunay na Hari. _____
8. Tatlong tao ang ipinako sa tatlong krus. _____
9. Hindi napatawad ni Cristo ang mga taong nagpako sa Kaniya sa krus. _____
10. Inilibing si Cristo sa isang libingan sa hardin na malapit sa kung saan Siya ipinako sa krus. _____

Kung mayroon ka pang mga ibang kaibigan, pakisulat ang mga pangalan at tirahan nila sa ibaba at papadalhan namin sila ng kurso.

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Pasusulit 12

SI CRISTO AY BUMABANGON MULI MULA SA MGA PATAY

1. Si Cristo ay ipinako sa krus ng mga tao, subalit mula sa mga patay ay binuhay muli Siya ng Diyos. _____
2. Sinabi ni Maria Magdalena kina Juan at Tomas na ang Panginoon ay inilabas mula sa libingan. _____
3. Hindi si Maria ang unang nakakita sa pagbangon ni Cristo. _____
4. Nang nagsalita si Jesus kay Maria, Siya ay nakilala niya. _____
5. Hiningahan ni Cristo ang mga disipulo at ibinigay Niya sa kanila ang Espiritung Banal. _____
6. Nakita ni Tomas si Cristo at siya ay napasigaw, “Aking Panginoon at aking Diyos.” _____
7. Nagpakita minsan si Jesus sa mga disipulo pagkatapos ng muling pagkabuhay. _____
8. Tatlong ulit na tinanong ni Cristo si Pedro kung Siya ay iniibig niya. _____
9. Si Juan ang disipulong sumulat sa lahat ng mga ito. _____
10. Naliligtas ako ngayon kung ako ay nananampalataya kay Cristo bilang Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng sanlibutan. _____

MGA MAHAHALAGANG BERSIKULO

Maraming bersikulo sa aklat na ito ang sinulat ni Juan sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritung Banal. Ibibigay namin ang ilang mga bersikulo at ipinapayo namin na isaulo mo ang mga ito.

“Datapuwa’t gaya ng marami na tumanggap sa Kaniya, sa kanila ay ibinigay Niya ang kapangyarihan upang maging mga lalaking Anak ng Diyos, samakatuwid sa kanila na nananampalataya sa Kaniyang pangalan” (1:12).

Nalalaman natin dito na ibinibigay Niya ang kapangyarihan na maging mga Anak ng Diyos ang mga nananampalataya sa Anak. Walang sinumang tao o anumang relihiyon ang nagtataglay ng karapatan o kapangyarihang ito. Tayo ay nagiging anak ng Diyos tanging sa pamamagitan lamang ng pagtanggap kay Cristo.

“Sapagkat ang Diyos ay gayon inibig ang sanlibutan, na ipinaglaloob Niya ang Kaniyang bugtong na isinilang na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kaniya ay hindi dapat mapahamak, kundi magkaroon ng walang-hanggang buhay” (3:16).

Ito ang isa sa mag pinakabantog at pinakamahalagang bersikulo sa buong Biblia. Sinasabi nito na labis na inibig ng Diyos ang sanlibutan kung kaya’t ibinigay Niya ang Kaniyang Anak para sa atin. “Siya na sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinatulan: datapuwa’t siya na hindi sumasampalataya ay hinatulan na” (3:18). “Siya na sumasampalataya sa Anak ay may walang-hanggang buhay; at siya na hindi sumasampalataya sa Anak ay hindi makikita ang buhay; kundi ang poot ng Diyos ang nananahan sa kaniya” (3:36).

“Katotohanan, katotohanan, na aking sinasabi sa inyo. Siya na nakikinig sa aking salita, at nananampalataya sa Kaniya na nagsugo sa akin, ay may walang-hanggang buhay, at hindi makararating sa kahatulan; kundi inilipat na mula sa kamatayan tungo sa buhay” (5:24).

Siya na nakikinig (o nagbabasa ng mga salita ni Cristo at nananampalataya sa Diyos ay nagtataglay na ngayon ng sa oras ding ito, ng walang-hanggang buhay. Kailanman ay hindi siya hahatulan. Ito ba ay naranasan mo na?

Sa Ebanghelyong ito, tayo ay may mga natutuhang kahanga-hangang katotohanan tungkol sa katauhan ng Panginoon.

“Ako ay ang Tinapay ng Buhay” (6:35). Binibigyang-kasiyahan ni Cristo ang pusong naaangkop sa Kaniya.

“Ako ay ang Liwanag ng sanlibutan” (8:12). Siya na sumusunod kay Cristo ay hindi lumalakad sa kadiliman.

“Ako ang Pintuan” (10:9). May kaligtasan kung tayo ay papasok sa pamamagitan Niya.

“Ako ang Mabuting Pastol” (10:11). Tayo ay iniingatan Niya.

“Ako ang Pagkabuhay na Muli at and Buhay” (11:25). Kung tayo ay nananampalataya sa Kaniya, magkakaroon tayo ng walang-hanggang buhay kahit na tayo ay patay na.

“Ako ang tunay na Puno ng Ubas” (15:1). Kung tayo ay nananatili sa Kaniya, tayo ay makakabahagi ng Kaniyang lakas at pagtataguyod.

Si Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos, ang Salita ng Diyos, ay isang kahanga-hangang Tagapagligtas. Masasabi mo ba na, “Siya nag Tagapagligtas ko?” Kung hindi, ibigay mo ang iyong pananampalataya kay Cristo sa sandali ring ito para sa kapatawaran, walang-hanggang buhay at kailigtasan. Kung tatanggapin mo si Cristo, ikaw ay tatanggapin Niya! Namatay sa krus si Cristo para sa ating mga kasalanan. Papatawarin ng Diyos ang mga kasalanan ng lahat ng mga sumasampalataya sa Kaniyang Anak.

ANO ANG GAGAWIN MO?

Nabasa mo ang 12 aralin at 21 kapitulo ng Ebanghelyo ni Juan. Nalaman mo na si Jesus, ang Anak ng Diyos ay hindi nagkasala, ngunit Siya ay namatay para sa ating mga kasalanan.

ANO ANG PALAGAY MO DITO?

Pakibasang mabuti ang mga sumusunod na pangungusap at isulat ang tama pag ito ay naaangkop sa iyo.

1. Alam ka na si Jesus ang Anak ng Diyos. _____
2. Alam ko na namatay Siya upang iligtas ang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan. _____
3. Naniniwala ako na ako ay isang makasalanan at si Jesus ay namatay para sa akin. _____
4. Ngayon ay tinatanggap ko Siya bilang aking Tagapagligtas. _____

(Kung ikaw ay naligtas na, isulat sa puwang na ito ang petsa kung kailan mo tinanggap si Cristo.) _____

5. Ako ngayon ay nabubuhay nang nagpapasalamat sa Diyos sa pagpapatawad Niya sa mga kasalanan ko at sa pagliligtas Niya sa aking kaluluwa. _____

Sa iyong sariling mga salita, isulat sa ibaba ang lugar na pupuntahan mo kung ikaw ay mamatay at kung bakit.

_____
_____
_____
_____
_____

Kung may mga tanong ka, pakisama ang mga ito sa puwang sa ibaba.

_____
_____
_____
_____